

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-3 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 18 ENERO 1999, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- ABC President
Konsehal Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:


W A L A

PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 01
Taong 1999

ORDINANSANG NAGTATAKDA NG PANSAMANTALANG PAGSASARA NG SAMPAGUITA STREET SA BAGUMBAYAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO UPANG MAGAMIT NA TIYANGGIAN TUWING MIYERKULES, BIYERNES AT LINGGO.

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

- SEKSYON 1. Ang Ordinansang ito ay tatawaging Ordinansang Nagtatakda ng Pansamantalang Pagsasara ng Sampaguita St. sa Bagumbayan, Roxas, Silangang Mindoro Upang Magamit na Tiyanggian tuwing Miyerkules, Biyernes at Linggo.
- SEKSYON 2. Ang pansamantalang pagsasara ng Sampaguita Street ay hanggang sa matapos ang konstruksyon ng bagong pamilihang bayan kung saan muling isasaayos ang pwesto ng tiyanggian. Ang paradahan ng mga pampasaherong diyep papuntang Bulalacao at Mansalay sa isang bahagi ng Sampaguita Street alinsunod sa Seksyon II (k) ng Pambayang Ordinansa Blg. 01 Taong 1998 ay pansamantalang ililipat sa Administration Street.
- SEKSYON 3. Ang hindi pagtupad sa kautusang ito ng mga nasasangkot ay papatawan ng penalidad ayon sa itinatadhana ng awtoridad sa Pamilihang Bayan ng Roxas (Market Administration).



ng bayan

SEKSYON 4. Ang ordinansang ito ay magkakabisa kapagkarakang mapagtibay.


Isinabatas ngayong ika-18 ng Enero 1999 sa mungkahi ni Konsehal Juanito A. Bacay, Jr. na sinang-ayunan ng lahat.

Pinaglibay: 18 Enero 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/